# 1

Kenneth felt a bit strange. A warm fuzzy feeling grew in the pit of his stomach and he felt his heart flutter at the thought of seeing Shanelle again. It had been five long years since he last saw her and she was just sixteen when she left for the States. Na-miss niya ang dalagitang palaging nagpapa-cute sa kanya noon. Naaalala pa niya ang madalas nitong sinasabi sa tuwing naroon siya sa bahay ng mga ito....

*"Someday, you'll gonna marry me." She was looking at him tenderly, smiling so cute that he couldn't help but smile at her.*

*"Baby, you're too young for me," nakangiting kontra niya. 'Baby' ang nakasanayan niyang itawag dito katulad ng tawag ng pamilya nito dahil ito ang bunso.*

*"Our age gap of eight years doesn't matter. Sige ka, manghihinayang ka kapag hindi mo ako napangasawa. You'll see, someday I'm gonna be prettier and sexier than those girls you're dating," puno ng conviction na sabi pa nito.*

*Natawa si Kenneth. Alam niya na hero worship lang ang nararamdaman nito para sa kanya. Siya kasi ang nagligtas dito nang muntik na itong mahulog sa puno, nang muntik na itong makagat ng aso ng kapitbahay, nang muntik na itong malunod sa swimming pool ng mga ito at madami pang ibang maliliit na bagay na ginawa niya para rito na alam niyang tumatak sa batang isip nito.*

*Ginulo na lamang niya ang buhok ni Shanelle at pinisil ang pisngi nito. Hindi niya dapat seryosohin ang mga sinasabi nito dahil bata pa ito. Madami pang lalaki itong maaaring makilala na alam niya na makakakapagpabago ng isip nito.*

*"Bakit ba hindi ka naniniwala sa akin, ha?" inis na tanong nito, nanunulis ang nguso.*

*"Baby, someday pagtatawanan mo ang sarili mo sa mga sinasabi mo sa akin." He gazed at her adoringly. She was indeed pretty and he was sure that she would grow up even prettier than the girls he had been dating.*

*"Hmph! Nakakainis ka naman," maktol nito.*

*"Kapag nag-college ka na, madami kang makikilalang guys na magiging crush mo at 'yang crush na sinasabi mo sa akin, mawawala rin 'yan.*

*That's for sure." Inakbayan pa niya ang dalagita para mawala ang tampo nito sa kanya.*

*"Hindi totoo 'yan, hindi ako magkaka-crush sa iba. Promise!" Tinaas pa nito ang isang kamay na para bang nanunumpa.*

*"Okay, sige na nga. Naniniwala na ako na crush mo ako."*

*"Hindi kita basta lang crush. I love you." She looked at him pleadingly na para bang sinasabi na paniwalaan niya ang mga ipinahayag nito.*

*"You love me like you love your Kuya Ivan," aniya bilang pagbibigay-katuwiran.*

*"No! I love you as a man. I will marry you someday," she said with certainty.*

*He did not want to argue anymore. Alam niya kung gaano ito kakulit at siguradong hindi matatapos ang usapan nila kung kokontrahin pa niya ang sinasabi nito.*

*"Okay, I believe you. Now be a good girl and do your homework."*

*"Mamaya na lang," salungat ni Shanelle. "Kuwentuhan mo muna ako ng ginagawa mo sa school ninyo."*

*"Ang kulit talaga ng batang ito, oo. Gawin mo na muna ang assignment mo. Ayoko pa naman sa isang babae 'yong tamad mag-aral," malumanay na panenermon niya.*

*"Masipag akong mag-aral. Matalino yata ako, 'no! Sige, diyan ka lang, ha? 'Wag ka munang aalis dahil ipapakita ko pa sa iyo na ginawa ko na ang assignment ko." Tumakbo ito patungo sa hagdanan para umakyat sa silid nito.*

*Sinundan niya ito ng tanaw. Napabuntong-hininga siya nang malalim. Shanelle was just fourteen and still a baby. He adored her, all right, pero may iba pa siyang nararamdaman sa tuwing nakikita niya ito. Masaya siya kapag kasama niya ito. And there was something else. But he did not want to entertain that feeling, whatever it was.*

*"Ken, nandito ka pala, hijo." Lumapit sa kanya ang Lola Sabel ni Shanelle.*

*Nagmano siya rito at inalalayan itong umupo sa katabi niyang silya.*

*"Opo, hinahanap ko si Ivan. Nagyayaya po ang barkada namin na mag-basketball sa court."*

*"Bakit hindi mo inakyat sa itaas?" Napatango ito at biglang napangiti. "Alam ko na, hinarang ka*

*na naman ni Shanelle. Pagpasensyahan mo na siya kung medyo makulit. Alam mo na kasi ay bata pa at kung anu-ano ang nasasabi sa iyo. 'Wag mo na lang seryosohin, hijo."*

*"Opo, Lola, 'wag po kayong mag-alala. Alam ko po na binibiro lang ako ni Shanelle."*

*"Mabuti, hijo. Nakita niya marahil sa iyo ang father figure na hindi niya naranasan. Alam mo naman ang istorya ng buhay ng mga batang 'yan, hindi ba? At si Ivan ay palaging inaasar si Shanelle kung kaya sa iyo naging close ang batang iyan."*

*"Siguro nga po, Lola." Napatango na lang si Kenneth at nagpaalam na pupuntahan sa kuwarto si Ivan.*

Kapitbahay niya ang magkapatid na Madrid. Thirteen years old pa lamang si Shanelle noong lumipat ang dalawa sa bahay ng lola ng mga ito. Products of broken family ang magkapatid at may kanya-kanyang buhay na ang mga magulang ng mga ito. Si Mrs. Doris Madrid ay nakapag-asawa ng Amerikano at si Mr. Claudio Madrid ay nakahanap ng mapapangasawa sa Cebu. Kinupkop ni Lola Sabel ang magkapatid dahil hindi makasundo ng dalawa ang bagong madrasta.

Naging kaibigan niya si Ivan dahil hindi nalalayo ang mga edad nila at palagi silang magkasama sa paglalaro ng basketball at sa pagpunta sa mga gimmicks. Kung siya ay walong taon ang agwat kay Shanelle, si Ivan naman ay pitong taon ang agwat sa kapatid. Kenneth considered them as his siblings because he neither had a brother or a sister of his own. Hindi nagkaanak ang kanyang ina sa Chinese na kumupkop sa kanila nang iwan sila ng kanyang totoong ama.

Masasabi ni Kenneth na masuwerte rin naman siya maliban sa hindi siya minahal ng ina at ama-amahan. Ang kanyang ina lamang ang minahal at pinagbuhusan ng panahon ng lalaking Chinese. Sa kabila ng kakulangan ng pagmamahal mula rito, ipinagpapasalamat niyang pinag-aral siya nito at minahal nito ang kanyang ina.

Magkasabay na pumanaw ang mga ito sa car accident at sa kanya naiwan ang pangangalaga ng maliit na automotive center nito sa labas ng subdivision. Bata pa siya ay ginawa na siyang utusan ng ama-amahan sa shop nito kaya nagkaroon na rin siya ng hilig sa nasabing negosyo. Ngayon ay napaunlad na niya kahit papaano ang iniwan nitong pamana.

Napangiti si Kenneth sa mga alaala na madalas niyang binabalik-balikan. He looked at his watch. Nagtataka siya kung bakit hindi pa lumalabas si Shanelle sa arrival area ng *Centennial Airport*. Nilibot niya ang tingin sa bawat taong lumalabas nang may biglang nagtakip ng mga mata niya.

He smiled. Hindi pa rin talaga nagbabago si Shanelle, makulit pa rin ito. Hinawakan niya ang mga kamay nito na nakatakip sa kanyang mga mata at dahan-dahang ibinaba.

“Ikaw talaga, Shanelle, ang kulit mo pa rin,” nakangiting sabi niya. Hawak ang isang kamay ng babae na humarap siya upang makita ito.

“Shanelle? Who is Shanelle, darling?” tanong ni Suzanne, ang latest girl na idine-date niya. Isa ito sa mga kliyente niya sa shop. Nawala ang ngiti niya at nagtatakang tiningnan ito. “I’m asking you, Ken. Who is Shanelle?” ulit nito, bahagyang nakataas pa ang kilay.

“May susunduin ako. And you, Suzanne dear, what are you doing here?” balik niya.

Bahagyang umilap ang mga mata nito. “Uhm... may susunduin ako… katulad mo.”

“May I know who?”

"My bro—my cousin pala," tila nalilitong tugon nito.

Natawa siya. "You're not sure if he's your brother or your cousin, ganoon ba?"

"Of course not, he's really my cousin. Nalito lang ako bigla!" Bahagyang tumaas pa ang boses nito.

Binalewala niya ang naging reaksyon ng babae. "Fine. I'm waiting for Ivan's sister."

"Shanelle is Ivan's sister, am I right? Bakit ikaw ang susundo?" tanong nito habang nagbabasa ng message sa cellphone nito.

"Wala si Ivan, nasa Hongkong." Tinalikuran niya ito at inilibot muli ang tingin sa mga lumalabas na tao.

"Okay, 'kita na lang tayo sa shop mo. 'Bye." Hinalikan siya ni Suzanne sa labi at nagmamadaling umalis bago pa siya makapagtanong kung saan ito pupunta. Sinundan na lamang niya ito ng tingin.

Isang tikhim ang nagpalingon sa kanya at nagulat pa siya nang makita sa harap niya ang kanina pa niya hinihintay. Bahagya siyang natulala sa nakitang pagbabago rito. Shanelle was now prettier and sexier than the girls he used to date way

back, katulad ng pilit nitong sinasabi sa kanya noon. Parang nalunok niya ang dila dahil nakatingin lang siya rito at hindi nakapagsalita. He was mesmerized by her transformation. He couldn't believe how great she looked now that she was a lady already.

"Kenneth Tan, you haven't changed at all. Nakakalimot ka pa rin kada makakakita ka ng magandang babae." Pinagtakhan niya ang inis sa paraan ng pagsasalita nito.

"Baby! Masaya ako na nandito ka na," nakangiting sabi niya.

"Kanina pa po, 'no! Hindi mo lang ako napansin dahil may babae kang kausap," nakataas ang kilay at masungit na saad nito.

Nakita pala nito na kausap niya si Suzanne kanina. Napangiti siya. Hindi pa rin nagbabago ang kapatid ni Ivan. Ganito rin ito noon kapag nakikita siya nito na may kasamang babae.

Ginulo niya ang buhok nito. "I missed you, baby."

Nginitian na rin siya nito at niyakap. "Na-miss din kita, Ken. How have you been?"

Kenneth felt as if he did not want to let her

go. Matagal niyang hinintay ang pagbabalik nito. Nalungkot talaga siya nang umalis ito. But then he felt relieved that she did. Sa halos araw-araw kasi na pangungulit nito sa kanya noon tungkol sa damdamin daw nito sa kanya ay nangamba siyang baka patulan niya ang mga sinasabi nito. He wouldn't want to be a cradle-snatcher.

Bahagya itong kumawala upang tingnan siya sa mga mata. "Balita ko, mayaman ka na daw… and still as handsome as ever!" Hinawakan pa ng dalawang kamay nito ang kanyang mga pisngi.

Kinuha niya ang isang kamay nito at hinalikan. "And you're prettier now than before." Hinagod pa niya ito ng tingin mula ulo hanggang paa. "And sexier, too."

"Didn't I tell you so? Ayaw mong maniwala, eh." Natatawang nag-pose pa ito sa harapan niya.

Tandang-tanda pa ng binata ang pangakong binitiwan nito sa kanya noon. Deep inside, he was hoping that nothing had changed between them. Na sana ay naaalala pa nito ang ipinangako sa kanya noon.

"Ito na ba lahat ang gamit mo, baby?" tukoy niya sa mga maleta at kahon na nakalagay sa cart.

"Yup. Sayang at hindi mo pa makikilala si Bruce."

Bigla siyang napatingin dito. "Who is this Bruce?" he asked, eyebrows lifting in an interrogative manner. May hinala kaagad na nabuo sa kanyang isip.

"Bruce is my boyfriend. Nagkakilala kami sa *Huntington Beach* last summer. Sabay rin kaming umuwi kaya lang ay pinauna na niya ako dahil tinawagan siya ng magsusundo sa kanya. Male-late daw ng dating ang sundo niya."

*Bakit may boyfriend ka na? Nakalimutan mo na ba ang pangako mo sa akin?* He wanted to ask her but he remained silent for a moment. At nang makuha niyang magsalita ay iba ang itinanong niya. "Bakit hindi mo pa ipinasabay sa atin? Tayo na lang ang maghahatid sa kanya sa bahay nila."

He let out a sigh. Bakit ba siya nagkakaganoon? Nakakahiya. Baka mapagtawanan pa siya ni Shanelle dahil sineryoso niya ang pangako ng isang bata.

Nagkibit-balikat lang ito. "Ewan ko ba sa kanya. Anyway, dadalaw naman siya sa bahay bukas."

# 2

"Kumusta ka na nga?" Inihilig ni Shanelle ang ulo sa balikat ni Kenneth. Hinayaan siya ng binata dahil gusto nito ang pakiramdam na nakadikit siya rito.

"Okay lang ako. Ikaw ang magkuwento dahil five years kang nawala. Kumusta si Lola Sabel doon?" Bahagya siya nitong tiningnan habang nagmamaneho.

"Okay naman si Lola; baka next year ay sumunod na siya dito. Nawiwili lang siya sa baby ng Mommy," tukoy niya sa kapatid sa ina. "Ang kulit-kulit nga ni Nicole."

"Gan'on ba? Natural lang na mawili si Lola Sabel doon dahil malaki na ang dating baby niya, kaya ngayon ay sa bagong baby naman siya nawiwili."

"Kaya nga, eh, hindi na ako ang bunso ngayon. Kumusta naman sina Kuya Ivan at Charlize?"

Si Charlize ay ang nobya ng kanyang kapatid na kasama nitong umuwi sa bansa. Nauna nang isang taon na bumalik ng Pilipinas si Ivan.

Iniyakap pa ni Shanelle ang kamay sa braso ng binata habang nakahilig ang ulo niya sa balikat nito. Dati na niyang ginagawa ang ganitong paglalambing, pero bata pa siya noon kung kaya naiilang na ngayon si Kenneth.

"Shanelle, umayos ka nga. Baka makita ka ng boyfriend mo na gumaganyan sa akin ay masapak pa niya ako."

"Bakit ba? Eh, dati naman na akong ganito noon sa iyo at kay Kuya, di ba? Baka 'yong babae kanina sa airport ang tinutukoy mo na magseselos. Kunwari ka pa." Nakasimangot na inilayo niya ang ulo sa balikat nito.

Pinigil nito ang paglayo ng ulo niya sa balikat nito at ibinalik iyon sa pagkakapatong doon. "I was just joking."

"Hmph! Para namang hindi mo ako na-miss," tila nanunumbat na sabi niya, looking so cute in her pouting lips.

*Oh, God! Does this lady know how cute she is whenever she's doing that?*

Kung alam lang ng dalaga kung gaano ito na-miss ni Kenneth. Ilang taon din ang binilang niya at tiniis na hindi ito nakikita. Kamuntik na nga niya

itong sundan noon sa Amerika, subalit pinigilan niya ang sarili dahil noong mga panahong iyon ay bata pa ito. Pero hindi na niya kailangan pang sabihin iyon. Wala na rin namang silbi dahil may nobyo na si Shanelle at nagbago na rin ang damdamin nito para sa kanya. Malungkot niya itong tiningnan.

Gusto niyang ipaalala ang pangako nito, pero ano pa ba ang silbi ng pagtatanong niya? Mukhang hindi na nito naaalala ang mga binitiwan nitong salita sa kanya bago ito umalis.

"How's your relationship with that Bruce? Amerikano din ba siya o Pilipino na nag-migrate lang doon?" interesadong tanong ng binata.

"Pilipino siya na nagbakasyon lang roon." Tiningnan ito ng babae. "Wala bang naikuwento si Kuya sa iyo tungkol sa akin?"

Umiling lang ito. "Matino ba 'yung nobyo mo?"

Inalis na niya ang ulo sa balikat nito at bumaling dito. "Matino siya at takot nga sa akin, eh. Teka, sino 'yong babae kanina? Girlfriend mo?"

"Hindi."

Tumaas ang kilay ni Shanelle. "Hindi mo siya girlfriend pero hinalikan ka?"

“Ikaw, ha! Pati ba naman iyon pinanood mo pa pala. Ganoon lang talaga si Suzanne. Malambing siya sa lahat ng kakilala niya,” paliwanag nito.

Nagdududang pinagmasdan niya ang binata. “Wala kang girlfriend? As in, wala talaga?”

Napangiti ito. “Wala nga.”

“Baka naman... asawa ang meron ka?” pasimple niyang tanong.

“Asawa?” natatawang ulit nito. “Look, Shanelle. Wala akong girlfriend at lalong wala akong asawa. Bakit ba di ka naniniwala?”

“Imposible. Ang dami kong kaagaw sa iyo noon. Kaya nga kinalimutan ko na ang feelings ko sa ‘yo noon dahil naisip ko na hindi ko kaya ang madaming kaagaw.” Bahagya pa siyang natawa sa sinabi.

Nalungkot si Kenneth sa narinig. Wala na nga talagang nararamdaman si Shanelle para sa kanya. It seemed that the girl who kept on shouting ’I love you’ to him was gone now. Madalas pa nga itong mapingot ni Lola Sabel dahil doon. May kasama pang love letter ang ulam na ipinapaabot ng lola nito sa kanya noon.

Mapait siyang napangiti. Wala na siyang pag-asa

kay Shanelle. Totoo nga ang sinabi niya rito noon na madami itong makikilalang lalaki at pagtatawanan na lang nito ang lahat ng sinabi nito sa kanya pagdating ng panahon. At ngayon na nga iyon.

"Di ba totoo naman? Na madami ang nag-aagawan sa 'yo noon? Ilan na ang pinagsabay-sabay mong girlfriend, ha?"

Hindi na niya nasagot ang tanong nito dahil bumaba na siya upang buksan ang gate ng bahay ng lola nito. Dali-dali itong bumaba upang pagmasdan ang lumang bahay na wala naman halos ipinagbago.

"Kagaya pa rin ng dati ang bahay, Ken," nakangiting komento ni Shanelle.

Iniwas niya ang tingin sa mga labi nito na matamis na nakangiti. Marahil ay kailangan na niyang pag-aralang idistansya ang sarili rito dahil hindi na tulad ng dati ang damdamin nito sa kanya. Pinagkaabalahan na lamang niyang buhatin ang mga bagahe nito at ipasok sa loob ng bahay.

Tuwang-tuwa na inilibot ng dalaga ang paningin sa loob ng tahanan. Patakbo pa itong nagtungo sa kusina at nang makalabas mula roon ay pabagsak na iniupo ang sarili sa malambot na sofa.

"I'm glad I'm home, Ken." Tumayo ito at hinila

siya para makaupo siya sa tabi nito. "Alam mo madami akong pasalubong sa iyo. Halika, dali. Tingnan mo kung kasya sa 'yo lahat ito." Excited nitong binuksan ang isang maleta at basta na lang inilabas lahat ng laman niyon.

"Look at this one, Ken." Inilapat pa nito sa katawan niya ang sports shirt na hawak. "Kasya lang sa 'yo. Ang galing ko, 'no?" tila tuwang-tuwang sabi nito. "Sakto pala sa 'yo lahat ng binili ko na shirts. May pabango rin d'yan. Sandali!"

Abala ito sa paghahalungkat ng hinahanap nitong men's coogne habang tahimik lang siyang nakatingin dito at nakamasid sa bawat galaw nito.

Bigla ang pagharap nito sa kanya kung kaya di-sinasadyang nawalan ito ng balanse at napasubsob sa dibdib niya. He felt uneasy. Just a mere touch of her hands on his chest brought an unexplainable feeling. He looked straight into her eyes and saw a glint of confusion there as they stared back at him. Kung para saan ay hindi niya alam. Nauna siyang nakabawi at maingat na tinanggal mula sa dibdib niya ang kamay nitong may hawak na isang pabango.

"Sinusubukan mo ba kung matigas ang dibdib ko, ha?" biro ni Kenneth upang mabawasan ang discomfort nilang dalawa.

Natatawang pinalo pa nito ng perfume box ang dibdib niya.

“Teka, bakit yata wala man lang sumalubong sa atin? Ikaw pa ang nagbukas ng gate kanina pagpasok ng sasakyan. Where is Yaya Lota?” nagtatakang tanong nito.

“I forgot to tell you na wala si Yaya Lota. Nanganak ang anak niya at nagpaalam sa kuya mo na one month muna siya sa Quezon.”

“Sino ang naglilinis dito kung gan’on?”

“Si Aling Clara, ‘yung naglilinis sa bahay ko twice a week.” Tumayo si Kenneth upang magtungo sa kusina. Kinuha niya ang pitsel ng juice mula sa loob ng refrigerator. Matapos mailagay sa tray ang dalawang baso at ang pitsel ng inumin ay bumalik siya sa sala. Inilapag niya ang dala sa center table, sinalinan ng juice ang dalawang baso at iniabot ang isa kay Shanelle.

“Ibig mong sabihin, I’m alone here?” Nangunot ang magandang noo nito habang nakatingin sa kanya na tila ba nag-iisip. “Kailan daw ba babalik si Kuya?”

Nagkibit-balikat lang siya at ininom ang juice mula sa baso niya.

"Sabihin mo kay Kuya na umuwi na kaagad, Ken. Sige na." Nilapitan siya nito at niyugyog ang kanyang balikat, dahilan upang matapon ang juice niya sa damit nito.

"Oh, I'm sorry." Mabilis niyang kinuha ang panyo mula sa bulsa ng pantalon at wala sa loob na pinunasan ang parte ng damit ni Shanelle na natapunan ng juice. Huli na nang mapagtanto niya na sa bandang dibdib pala ito nabasa at ang parte ring iyon mismo ng katawan nito ang pinupunasan niya. Bigla siyang napatingin sa mukha ng dalaga at shock ang nakita niya sa mukha nito.

"S-sorry…" alanganing sabi ni Kenneth at tinalikuran ito upang bumalik sa kusina para ilagay ang baso sa lababo. "Magpalit ka muna ng damit."

Tila biglang naging awkward ang sitwasyon. Napailing na lang si Kenneth at naghanap ng pagkain na maaaring iluto mula sa refrigerator.

# 3

Hindi alam ni Shanelle kung paano siya nakapanhik papunta sa kuwarto niya. She was still stunned from the incident in the living room at hanggang ngayon ay nararamdaman pa niya ang tila mga paruparong naglalaro sa loob ng sikmura niya. Five years had swiftly passed. At hindi siya makapaniwala na hanggang ngayon ay may nararamdaman pa rin siyang kakaiba sa muling pagkikita nila ni Kenneth.

Ilang taon din niyang pinag-aralang limutin ang unang lalaking nakapagpatibok ng batang puso niya at napagtagumpayan naman niyang gawin iyon. She was sure she had gotten over her feelings for him when she was still in the States but now that she had seen him again, she was having second thoughts. He still had that effect on her; he could still make her heart flutter.

Kaninang napasubsob siya sa dibdib ng binata ay parang may naghahabulang mga paruparo sa sikmura niya ngunit hindi niya ipinahalata iyon. Nahihiya siyang aminin na hindi niya napigilan ang sarili na makaramdam ng kakaiba. At tumindi iyon

nang pinunasan nito ang bandang dibdib niya na natapunan ng juice.

Walong taon na silang magkakilala. For three years he was always at her side, playing the role of a father, a brother and a friend. And he was very firm in saying that she was like a sister to him, na lagi niyang ikinaiinis dito. Hindi naniniwala ang lalaki na totoong pag-ibig ang kanyang nararamdaman para rito. For him, she would always be a kid, a baby sister he never had. He had never noticed and treated her in any other way.

Tiningnan ni Shanelle ang nabasang damit, nagkulay dalandan na ang puting blouse niya at bakat na bakat ang kanyang dibdib. Nahiya talaga siya sa nangyari kanina. Tumuloy siya sa banyo upang magtanggal ng damit na nabasa. Napatingin siya sa salamin. Her face was red. Kinuha niya ang malinis na towel na nakasabit sa hook at iyon muna ang itinapis sa sarili.

Padapa siyang humiga sa kama niya habang yakap ang *Betty Boop* stuffed toy na regalo sa kanya ni Kenneth noon. Ilang buwan pa lang siya sa ibang bansa noon ay miss na miss na niya ito. Muntik na siyang umuwi sa Pilipinas upang makita ito kung hindi lang sa pakiusap ng kanyang lola....

*“Shanelle, kung mahal mo talaga si Ken, hayaan mo siyang makapag-isip. Your absence would make him realize his feelings for you,” paliwanag ni Lola Sabel.*

*“Pero, Lola, paano kung makahanap siya ng iba habang wala ako?” Nakayakap siya sa abuela habang namumula ang mga mata dahil sa pinipigil na luha. “Mas maganda yata na sa Pilipinas na lang ako mag-aral para mabantayan ko siya.”*

*“Hija, kung may nararamdaman talaga si Kenneth para sa iyo ay susundan ka niya dito kapag natupad mo na ang mga pangarap namin sa iyo, kapag naka-graduate ka na at makakaharap ka sa kanya nang may pagmamalaki. Don’t expect na susundan ka niya dito habang nag-aaral ka pa dahil kinausap namin siya na bigyan ka ng pagkakataon na magseryoso muna sa pag-aaral,” patuloy na paglilinaw nito.*

*“Pero paano kung hindi naman niya ako sundan dito kapag naka-graduate na ako ‘tapos may makita na siyang iba?”*

*“Then, learn to forget him dahil maaaring hindi talaga siya para sa iyo. You’re still young, baby; madami ka pang makikilala na ibang lalaki na mas nakakahigit kay Ken. And when that time comes na may makilala kang iba, you will laugh at yourself sa*

*mga pinagsasabi mo sa kanya."*

*Nagkakamali po kayo, Lola.*

Gusto niyang sabihin iyon sa matandang babae, pero mas pinili na niya ang manahimik. Alam niya na kahit bata pa siya ay totoo ang pagmamahal na nararamdaman niya para kay Kenneth, ngunit walang gustong maniwala sa kanya kabilang na ang binata.

Mas maigi nga sigurong magkalayo muna sila upang mapag-aralan nito ang damdamin para sa kanya. Upang ma-realize nito na totoo ang mga sinabi niya noon… na siya dapat ang pakasalan nito. Sigurado siya na ang pagmamahal na nararamdaman niya para kay Kenneth ay hindi kayang baguhin ng panahon o ng kahit pa sinong lalaki na makikilala niya.

She could still remember the promise they made for each other before she left…

*"I don't want to go to LA, Ken," umiiyak na sabi niya habang nakaakbay ito sa kanya at nakahilig ang ulo niya sa malapad na dibdib nito. Nandoon sila sa patio ng bahay nila.*

*"Baby, you need to go there. Kasama mo naman ang kuya mo. Hindi mo ba nami-miss ang mommy*

*mo? She's waiting for you. At ilang buwan pa ay si Lola Sabel naman ang pupunta doon. Nand'on ang pamilya mo; dapat lang na kasama ka din nila."*

*"But I will never get to see you anymore if I leave."*

*Narinig niya ang mahinang pagtawa nito.*

*"Baby, I'm just here. Hindi ako lilipat ng bahay o aalis ng bansa. Magkikita pa tayo sa tuwing bakasyon n'yo. At meron namang telepono, you can call me anytime," anito na masuyong hinahagod ang balikat niya.*

*Lalong napaiyak si Shanelle dahil parang bale-wala lang sa lalaki ang pag-alis niya. "Hindi na kita mababantayan pag umalis ako," umiiyak na saad niya pero tawa lang ang isinagot nito. "Ang dami pa namang haliparot sa paligid."*

*"Bata ka pa talaga, Shanelle." Ginulo nito ang buhok niya habang tumatawa.*

*"Bakit ka ba natatawa? Parang gustung-gusto mo talaga na umalis ako," inis na sumbat niya. Halos tumulo na ang sipon niya dahil sa pag-iyak samantalang ito ay natatawa pa.*

*"Actually, I'm really relieved na aalis ka na," pang-aasar pa nito. "Biruin mo, makakalapit na din*

*sa wakas ang mga babaeng tinataboy mo. Wala na kasi ang bantay," natatawang dagdag pa nito.*

*"Gan'on, ha!" Ginantihan niya ito ng pagkurot sa tagiliran nito.*

*"Aray! Nakakasakit ka na, Shanelle. Kailan ba talaga ang alis mo para makaligtas na rin ako sa pangungurot mo?"*

*Inirapan niya ang kausap at umakmang tatayo upang iwan ito. "D'yan ka na nga, alaskador ka!"*

*"Hey! Teka lang, hindi ka na mabiro," habol ni Kenneth sa kanya. Pinigilan siya nito sa kamay at pilit na hinila siya pabalik sa puwesto nila kanina.*

*She averted her gaze away. Ayaw niyang makita na pinagtatawanan siya nito pero hinawakan siya nito sa pisngi upang magkaharap sila. He was seriously looking at her. Hindi niya kayang ipaliwanag kung anong emosyon ang nakatago sa klase ng tingin nito sa kanya.*

*"Baby..." He cleared his throat. "The truth is, malulungkot talaga ako kapag umalis ka. S'yempre nasanay na kasi ako na nakikita ko kayo dahil parang pamilya ko na kayo."*

*"Talaga?"*

*"Oo naman, baby, pero mas mami-miss kita dahil ikaw ang nagpapasaya sa akin. I will miss your cute smile at ang mga love letters na palaging kasama ng ulam. At siyempre ang pagbabantay mo sa akin sa shop kapag wala kang pasok," nakangiting sabi nito.*

*Napangiti rin si Shanelle. "Eh, di hindi na lang ako aalis."*

*Umiling si Kenneth. "No, baby, hindi tama iyon. Gusto ko na maabot mo muna ang pangarap mo."*

*"Kaya nga ayokong umalis kasi wala naman roon ang pangarap ko kundi narito. Ikaw ang pangarap ko, Ken. My dream is to be married to you someday," pilit pa niya.*

*"Maybe that's your dream, pero paano naman ang pangarap ng mga magulang mo para sa iyo? Ang pangarap ng lola mo… ng kuya mo? Minsan kailangan mo ring isipin ang pangarap ng mga nagmamahal sa iyo. Gusto nila na maka-graduate ka kaya iyon ang dapat mong gawin," pagpapaliwanag nito.*

*Natahimik si Shanelle at naalala ang pangarap niya noong hindi pa niya nakikilala si Kenneth. Gusto niyang maging fashion designer at gusto rin iyon ng mga magulang niya para sa kanya.*

*"May pangarap din ako para sa iyo. I want you*

*to spread your wings, to experience life. Do all the things you want to do. Do you understand me, baby?" masuyo nitong tanong.*

*"Pero paano ka? Mag-isa ka na lang," malungkot na tugon niya. Wala na kasing pamilya ang binata at nag-iisa lang itong nakatira sa bahay na iniwan ng ama-amahan nito para rito.*

*Hinaplos nito ang buhok niya. "I will be fine, don't worry about me. Malaki na ako. I will spread my wings too while you're away."*

*"Spread your wings?" ulit ni Shanelle sa questionable na paraan. "You mean, you're going to flirt with every girl you'll meet. Ganoon ba 'yun, ha?"*

*"Yes and no. I may flirt with other girls but that's a part of my job. Dadami ang customer sa shop kung ganoon," natatawa pang turan nito.*

*Hinampas niya ang hita ng binata. "Heh! S'abi ko na nga ba." Nagpakawala siya ng buntong-hininga nang makapag-isip. Tumingin siya nang derecho sa mga mata nito. "Okay lang. Wala na akong magagawa kung makipag-flirt ka man sa ibang babae habang wala ako. Basta promise me that you will keep your heart for me. Huwag kang magkakaroon ng girlfriend. Huwag kang magkakaroon ng seryosong relasyon sa*

*ibang babae. You can have a fling but just remember… I'm in love with you, Ken, so save your heart for me."*

*Natawa ito. "You sound like an old song, baby. Baka gusto mo nang kantahin 'yon, okay lang. Makikinig ako kahit sumakit pa ang tainga ko," he joked.*

*Napasimangot ang dalagita. "'Kakainis ka naman, Ken. Why can't you just answer my question?"*

*Tumigil na ito sa pagtawa at hinawakan ang kamay niya.*

*"I will save my heart for you, Ken. I promise. I may sound corny but it's true. I really love you," madamdaming pahayag ni Shanelle.*

*"Tell me that again when you come back."*

*"I will… It will not change, no matter how many handsome guys court me. I know that my heart belongs to you alone kaya sana ganoon ka rin." She was looking at him pleadingly, waiting for his answer. "Hindi mo pa ako sinasagot."*

*He looked at her tenderly then cleared his throat. He whispered his answer so softly that she wanted to cry in happiness. "I will… I will save my heart for you."*

*Shanelle hugged him so tight and cried on his shoulder. Iniisip pa lang niya na hindi niya makikita si Kenneth sa susunod na mga araw ay parang hindi na niya kaya.*

*"You take care of yourself there, baby. Don't be too trusting."*

*"You take care yourself, too." She did not want to let him go. Nanatili lang siyang yakap ito hanggang sa marinig niya ang pagpalatak ng kanyang kuya.*

*"Ken, pare, pasensya ka na sa kapatid ko. Kinulit ka na naman ba?" tanong ni Ivan.*

*Unti-unti nitong inilayo ang sarili mula sa pagkakayakap sa kanya. Ngumiti siya rito sa kabila ng luhang hindi niya napigilang tumulo mula sa mga mata niya. Then she raised her pinky. "Let's seal our promise, Ken." He joined his pinky with hers. Napangiti siya pagkatapos ay tumakbo na papunta sa itaas para tulungan ang lola niya sa pag-iimpake ng mga dadalhin nila.*

Bago sila umalis ay iniabot niya kay Kenneth ang lyrics ng kanta na naglalaman ng damdamin niya, *Save Your Heart For Me* by *Gary Lewis and The Playboys*. Sinulat niya ang lyrics niyon sa isang bond paper na nilagyan pa niya ng designs. The song

spoke about her feelings and she was hoping that he would bear it in mind.

But he did not do it.

Sa unang taon nila sa Los Angeles ay sinasagot pa ng binata ang bawat sulat niya at nakakatanggap din siya ng cards mula rito sa tuwing may okasyon. Dumating ang panahon na naging madalang na ang pagdating ng mga sulat nito. Naisip niyang baka naging busy lang ito sa trabaho.

Isang araw ay naisipan niyang mag-overseas call dito. Bihira silang magtawagan dahil nagsusulatan naman sila. Kapag may espesyal na okasyon ay saka lang sila nagkakausap sa telepono. Binalak sana niyang tanungin ito kung bakit halos wala na siyang natatanggap na sulat mula rito. Ngunit ikinabigla niya ang nalaman sa ginawang pagtawag kay Kenneth. Isang babae ang nakasagot. Ang akala pa nga niya ay wrong number ang nai-dial niya.

*"H-hello? May I speak with Kenneth?"*

*"Who's this?" tanong nito*

*"I'm Shanelle." Dahil kinakain ng curiosity, hindi niya napigilan ang mag-urirat. "May I know who's this? Bakit nasa bahay ka ni Ken?"*

*"I'm his girlfriend." Napansin niyang nag-iba ang timbre ng boses nito. Biglang tumaray ito.*

*Napahumindig siya. "G-girlfriend ka ni Ken?"*

*"Yes. Girlfriend. Serious girlfriend. Kaya kung isa ka sa mga lumalandi sa boyfriend ko, please back off dahil pinag-iisipan na namin ang pagpapakasal."*

Narinig pa niya ang boses ng lalaki sa background. Tila sinaksak ang puso niya sa realization. Nag-conclude siya; kaya pala dumalang itong sumulat sa kanya ay dahil may nobya na ito. May minamahal na ito at malapit nang ikasal. Gusto pa nitong ilihim sa kanila ng kanyang kuya ang tungkol sa bagay na iyon. Did he intentionally hide it so she would not hate him for not fulfilling his promise to her?

Nagtampo si Shanelle dahil nasaktan siya. Nakadama siya ng galit dito. He promised her that he would save his heart for her but he did not fulfill it. Nagmahal ito ng iba. Ngunit nakapag-isip pa rin siya nang tama.

Wala siyang karapatang magalit kay Kenneth dahil pinilit niya itong mangako sa kanya. Hindi iyon bukal sa loob nito. Baka nga pati ang pagsagot sa mga sulat niya ay hindi rin bukal sa kalooban nito at napipilitan lang ito. Doon niya naisip na kailangan

na niya itong kalimutan at subukang ibaling sa ibang lalaki ang pagtingin.

It was hard to hope for impossible things. She had waited six years for him and she thought that it was long enough to realize that what she had hoped for was indeed way beyond her reach.

Malungkot niyang tiningnan ang picture frame sa ibabaw ng side table na katabi ng kama niya. It was their picture together when she was still fifteen years old. Nakayakap siya sa likod nito na tila ba nakapasan siya rito habang ito ay nakangiting nakatingala sa kanya. It was a memory worth remembering for. Dala niya ang mga kopya ng mga larawan nila noong umalis siya ng Pilipinas. Some of them were displayed in her bedroom and some were always kept in her bag and in her wallet.

Ngunit matapos ang ilang taon ng pag-asam niyang magbabago ang damdamin nito sa kanya ay nagsawa na rin siya. She just kept all her pictures with Kenneth in her cabinet and avoided looking at them to forget him. Kung minahal siya nito ay hindi sana nito binale-wala ang pangako nito sa kanya. That made her think that he never had any special feeling for her and she was only a little sister to him, nothing more. Malungkot siyang bumuntong-

hininga.

Ilang gabi ring lumuha si Shanelle bago niya tinanggap sa sarili na hindi para sa kanya ang lalaking itinatangi. Kenneth was her first love... at naranasan niya ang unang kabiguan sa pag-ibig mula rito.

# 4

Pinakinggan ni Shanelle ang awiting *Save Your Heart For Me* sa kanyang cellphone. Ngayon lang niya muling mapapakinggan iyon. Hindi niya binura ang kanta kahit na noong nag-move on na siya dahil paborito niya iyon.

Every line of the song reminded her of the past. She pleaded him to save his heart for her… but Kenneth failed. Hindi talaga siya nito kayang mahalin sa romantikong paraan. He could only give her a love for a sister. Noong unang bakasyon niya mula sa kanyang pag-aaral ay uuwi siya dapat, pero nagkasakit si Lola Sabel at matagal na naratay sa ospital. Siya lang ang maaaring magbantay sa matanda dahil halos lahat ng kapamilya at mga kamag-anak ay may mga trabaho. Nang sumunod na bakasyon ay nanganak naman ang mommy niya kung kaya hindi ulit siya nakauwi.

Nang magbakasyon muli ay maaari na siyang umuwi, subalit pinigilan niya ang sarili dahil nang panahon na iyon ay wala na siyang natatanggap na pangungumusta mula kay Kenneth, sulat man o tawag. Hanggang sa malaman na nga niya na may

babae na itong sineryoso at minamahal. Hindi na siya sumulat pa rito. Marahil ay nagtaka ito kaya biglang tumawag. She wanted to confront him right at that moment. Gusto niyang isumbat dito ang kasalanan nito sa kanya, ang hindi nito pagtupad sa pangako sa kanya ngunit pinigilan niya ang sarili.

She pretended not to know anything about his serious girlfriend and their secret plan for marriage. She tried to sound the same as before. Masaya at sweet ngunit habang kausap niya ito ay tumutulo ang luha niya. Sinabi niyang naging sobrang busy siya sa pag-aaral kaya hindi na siya nakakasulat. Ikinatuwa nitong malaman na nag-aaral siya nang mabuti. Ni hindi ito nakahalata na mayroon siyang sama ng loob dito. Dahil sa rason niyang iyon kaya siguro hindi na ito nagtaka nang hindi na niya ito sulatan pa.

Isang taon na siyang nakakapagtapos sa pag-aaral at nakapagtrabaho na rin sa isang kilalang boutique sa Los Angeles. Hindi na sana siya babalik kung hindi lamang sa pakiusap ng dalawang tao na mahalaga sa kanya; ang kuya niya na matagal nang nakabalik sa Pilipinas at ang kanyang daddy na matagal na rin niyang hindi nakikita at sa telepono lang nakakausap.

Tapos na ang kabanata ng kanyang buhay kung saan umasam siyang mahalin din ni Kenneth. May nobyo na siya at alam niyang naka-move on na siya sa batang pag-ibig. Hindi na magbabago ang pasya niyang alisin na nang tuluyan ang lalaki sa kanyang puso.

Kinuha niya ang litrato nilang dalawa ni Kenneth na nakapaloob sa picture frame at pinalitan ng larawan nila ni Bruce. Sa pamamagitan niyon ay maipapaalala niya sa sarili na may boyfriend na siya at na-overcome na niya ang damdamin niya para sa kanyang unang pag-ibig. Inilagay niya ito sa side table ng kama niya. Ang litrato nila ni Kenneth ay itinago niya sa loob ng cabinet kasama ng mga lumang larawan.

Pilit niyang pinasaya ang sarili na nalungkot sa pagbabalik-alaala. She decided to take a shower. Matapos makapagbihis at ayusin ang sarili ay napagpasyahan niyang bumaba. Palabas na siya ng silid nang tumunog ang cellphone niya. Napangiti siya nang makita sa screen ang pangalan ni Bruce. Ito ang tumatawag.

"Hello, sweetheart. Nakapagpahinga ka na ba?" pabungad bati ng nobyo.

"Medyo. What about you? Nakauwi ka na ba?"

concerned niyang tanong.

"Yes, sweetheart," sagot nito. "Sa ngayon ay pagod na pagod ako sa paglalabas ng mga pasalubong."

"Kailan ka pupunta dito?"

"Maybe tonight or tomorrow but I will call you first kasi may aasikasuhin muna ako dito. I miss you already, sweetheart. Kanina lang tayo nagkahiwalay pero nami-miss agad kita," masuyong sabi nito.

Napangiti ang dalaga. Ang bagay na iyon ang nagustuhan niya kay Bruce. He was so caring and sweet. Hindi nagkakalayo ang edad nila at isa itong computer programmer sa Los Angeles. Sinabayan lang nito ang pag-uwi niya para makapagbakasyon na rin at asikasuhin ang maliit na negosyo na balak itayo ng papa nito sa Pilipinas.

"Na-miss mo rin ba ako agad, sweetheart?"

"Of course, na-miss na din agad kita," ani Shanelle habang nakangiti. "Kaya bilisan mong magpunta dito pagkatapos mong gawin ang dapat asikasuhin, ha? Ipagluluto kita ng favorite mong pasta na penne in sour cream and cheese."

"Okay, I have to hang up na, sweetheart.

Pumipikit na ang mga mata ko sa antok. I will call you up again later. I love you."

"Okay, pahinga ka na muna. I love you too," she ended the call.

Malapit na rin ang first anniversary nila bilang magnobyo. So far ay wala namang mairereklamo si Shanelle sa kasintahan maliban sa gaya ni Kenneth ay lapitin din ito ng babae. Hindi naman nakakapagtaka dahil guwapo talaga ito at maganda pa ang tindig.

Noong una ay wala siyang naramdaman na atraksyon dito dahil umaasa pa rin siya na si Kenneth ang magiging una at huling nobyo niya. Naging matiyaga si Bruce at araw-araw siyang sinusundo at dinadalaw sa bahay nila hanggang sa makapag-isip-isip siya. Bakit ba nagpapakatanga siya sa pag-asam sa isang lalaki na walang nararamdaman sa kanya samantalang may isang lalaki na handang magmahal sa kanya?

She gave Bruce a chance. Na-develop na rin ang damdamin niya para rito kaya sinagot niya ito sa kasiyahan ni Lola Sabel at ng Mommy Doris niya. Ngunit mayroon pa ring mga pagkakataon na tila nakokonsyenya siya dahil hindi niya kayang maibigay ang pagmamahal na tulad ng pag-ibig na

ibinigay niya kay Kenneth.

Pero naging matiyaga ito sa pagpaparamdam ng pagmamahal sa kanya at doon na siya naging at ease sa relasyon nila. Nagagawa na niyang maglambing dito na hindi niya kayang gawin noon. Naging vocal na rin siya rito sa pagsasabi ng nararamdaman niya. She had treated him not just a boyfriend but as a best friend too.

Bigla niyang naalala na nasa sala nga pala si Kenneth, dali-dali siyang bumaba at hinanap ito sa kusina. Pero hindi niya ito dinatnan doon kundi ang niluto nitong ulam na paborito niya. Umalis na ito nang hindi man lang nagpapaalam sa kanya. Nakita niya ang isang note na nakadikit sa refrigerator.

*Kumain ka na, baby. Pupunta muna ako sa shop*.

Napailing si Shanelle. Maalalahanin pa rin ang lalaki tulad ng dati at umaakto na naman ito bilang kuya niya. Kinuha niya ang kanin at ang adobo na niluto nito at mag-isang kumain.

# 5

Malungkot na tiningnan ni Kenneth ang larawan nilang dalawa ni Shanelle na nakapaloob sa isang picture frame na nakapatong sa side table niya. Nakayakap ito sa kanyang leeg na tila ba nagpapakarga sa kanya. Naka-ponytail ang mahabang buhok at matamis ang pagkakangiti nito. Malaki na ang ipinagbago nito sa Shanelle na huli niyang nakita limang taon na ang nakakaraan. Dalagang-dalaga na nga ito. Mas pumuti ito at mas gumanda.

Noong unang mga taon na nasa States ito ay sinasagot pa niya ang bawat sulat nito. Naisipan niyang dalangan ang pagsagot sa mga sulat nito dahil ayaw niyang makaabala sa pag-aaral nito. Ngunit nang hindi na siya makatanggap ng sulat mula rito ay nagtaka siya kung kaya tinawagan niya ito. Ikinatuwa niya na malamang nagko-concentrate na ito sa pag-aaral.

Noong mga panahong nagsusulatan sila ay hindi pa niya alam kung kaya niyang pangatawanan ang ipinapangako nito sa kanya. Ang dahilan ay hindi niya alam kung maipagkakaloob ba niya ang

kanyang puso sa sinumang babae.

Natakot siya na hindi niya masuklian ang pagmamahal na sinasabi ni Shanelle kung kaya pinalaya niya ito. Hindi niya ito tinawagan. Umasa siya na kung totoo ang pagmamahal nito para sa kanya ay hindi iyon babaguhin ng panahon kahit pa matagal silang hindi magkita o magkausap.

Kailan lang inamin ni Kenneth sa sarili na mahal nga niya talaga ang dalaga at handa na siyang ipakita iyon sa pagbalik nito. Ilang taon din niyang pinaglabanan iyon dahil ayaw niyang gawing komplikado ang buhay niya nang dahil sa pag-ibig.

Sa lahat ng babaeng nakilala niya, naramdaman lamang niya ang damdaming iyon kay Shanelle. To a girl who was eight years younger than him. Naisip niya noon na bata pa ito at maaaring magbago ang isip nito sa sandaling makakita at makakilala ng ibang lalaki. At nangyari na nga iyon.

He sighed sadly. Excited pa naman siya na sumundo rito kanina dahil sa wakas ay maririnig na niya ang ipinangako ng dalaga sa kanya na sasabihin sa pagbabalik nito—mahal pa rin siya nito kahit lumipas na ang mahabang panahon. Pero wala siyang narinig mula kay Shanelle bagkus ay ibinalita pa nito na may nobyo na ito at sumuko na sa kanya.

Di-sinasadyang narinig ni Kenneth ang pag-uusap ng magnobyo kanina. Kakatok sana siya sa pinto ng silid nito para sabihin sa dalaga na nakahanda na ang pagkain nang marinig niya na may kausap ito sa cellphone, si Bruce. Masakit na marinig na sinabi nito sa ibang lalaki ang mga salitang hinihintay niyang sabihin nito sa kanya. Dahil doon ay nagpasya na lang siyang mag-iwan ng note at hayaan na muna si Shanelle na mapag-isa.

Pero hindi siya dumerecho sa shop gaya ng isinulat niya sa note. Umuwi siya sa kanyang bahay sa tabi ng bahay ng mga ito. At ngayon nga ay hawak-hawak niya ang larawan nila ng dalaga at hindi naiwasang nahulog sa malalim na pag-iisip.

How he missed Shanelle. How he missed their old times together. Ito lamang ang nagpapasaya sa kanya noon. Nang umalis ito kasama ang kapatid, pakiramdam niya ay nag-iisa siya. Hindi siya madalas tumawa maliban na lamang kung kasama niya ang babae.

Dumako ang paningin niya sa papel kung saan nakasulat ang kantang ini-dedicate nito sa kanya. Binilhan niya iyon ng frame upang maisabit ito sa kuwarto niya.

*Save your heart for me…*

Nahihiya siya sa sarili dahil sadyang sinunod talaga niya ang sinabi nito bago ito umalis. He had dated other girls, yes. But he had never let any woman get inside his heart.

He had saved his heart for Shanelle. Ngunit tila wala nang saysay ang ginawa niya dahil may nobyo na ito. Kailangan na lamang siguro niyang makontento na nakakasama ito bilang appointed brother nito.

Binuksan niya ang drawer sa side table ng kama niya at kinuha ang mga cards na dapat ay ipapadala niya noon sa dalaga. Pati ang singsing na sana ay regalo niya sa eighteenth birthday nito ay naroon.

He was supposed to have it shipped to her then but he did not do it. Baka magulo na naman ang konsentrasyon nito sa pag-aaral at muli ay sa kanya umikot ang mundo nito dahil sa singsing.

It was too late. Wala na siyang magagawa pa para masabi kay Shanelle ang nararamdaman niya. Malungkot niyang itinabi ang mga cards at napagpasyahang asikasuhin ang reservation nila ng dalaga para sa flight papuntang Cebu upang madalaw ang daddy nito. Kailangang samahan niya

ito papunta roon dahil iyon ang bilin ng kapatid nito sa kanya.

PAPADILIM NA nang makabalik si Kenneth sa bahay ni Lola Sabel, dala ang pagkain na binili niya sa sikat na restaurant malapit sa puwesto ng automotive center niya. Nakahanda na sana ang ngiti niya para sa dalaga nang maabutan niya itong akbay-akbay ng isang matangkad na lalaki. Hindi niya gaanong makita ang mukha nito dahil nakatalikod ang dalawa sa kinatatayuan niya. Gusto niyang umalis at iwan na lang ang dalawa, subalit naalala niyang wala nga palang kasama si Shanelle sa bahay ng mga ito.

Bumangon bigla ang protective instinct niya at nagpasyang magbantay na lamang sa dalawa. Sadyang nilakasan niya ang mga yabag upang malaman ng mga ito na may taong padating.

Nakangiting sinalubong siya ni Shanelle, kasunod ang mestizo na lalaking nakaakbay rito. Biglang nakaramdam ng insecurity si Kenneth na hindi niya nararamdaman noon.

"Ken, mabuti't nandito ka. Ipapakilala ko nga pala sa iyo si Bruce Angeles, boyfriend ko."

Iminuwestra nito ang nobyo. "Bruce, siya naman si Kenneth Tan. Parang kapamilya na namin siya kaya masaya ako na nagkakilala kayo."

The two men shook hands.

"Nice to meet you, Kenneth. Palagi kang naikukuwento ng pamilya ni Shanelle sa akin," nakangiting sabi ni Bruce sa kanya.

Matiim niyang tiningnan ito. An ill feeling toward Bruce crept in his heart. He must be jealous, all right, but he sensed something about the man. Tila ba may nagbubulong sa kanya na hindi ito dapat pagkatiwalaan.

"Gan'on ba? I hope na hindi naman masama ang mga naririnig mo tungkol sa akin," sabi na lamang niya upang hindi magmukhang bastos.

"Wala silang sinabing masama tungkol sa 'yo," paniniguro nito. "Para ka ngang hero kung ikuwento nila."

"Ken, ano 'yang dala mo?" singit ni Shanelle.

"Ah, oo nga pala. Kumain na ba kayo?" Iniabot niya sa babae ang plastic bag na dala.

"Hindi pa nga, eh. Wala namang sinabi itong si Bruce na definite na araw ng pagpunta niya rito.

Binigla ako ng dalaw," nakangiting sagot nito habang ang kamay ay nakaangkla sa braso ng nobyo nito.

Tinulungan ng dalaga si Kenneth na maghain habang nasa sala ang nobyo nito at nagbubuklat ng photo album. Lihim niyang minasdan si Shanelle. Mukha itong masaya sa pagdating ng katipan nito. May naramdaman siyang kirot sa dibdib sa pag-iisip na masaya nga talaga ito sa piling ni Bruce.

"Salamat sa pagkain, Ken. Hanggang ngayon ay napaka-thoughtful mo pa rin. Kung hindi ka dumating ay baka magyaya na si Bruce na kumain sa labas," anito habang nagsasalin ng sopas sa tasa.

Kumuha siya ng mga pinggan at inayos sa mesa. Lihim niyang sinusundan ng tingin ang bawat kilos ng babae. Ni hindi nawawala ang ngiti nito sa mga labi.

Mayamaya pa ay pinagsasaluhan na nila ang pagkaing dala niya. Nakaramdam siya ng pagkailang sa magnobyo dahil hindi siya makasabay sa mga kuwentuhan ng mga ito. Napagmasdan din niya kung gaano kaasikaso si Shanelle sa kasintahan.

"Ken, bakit hindi ka kumakain? Busog ka ba?" puna nito nang mapansing hindi niya ginagalaw ang laman ng plato niya.

"Medyo madami ang nakain kong merienda kanina," aniya pero ang totoo ay nawalan na siya ng gana sa nasaksihang sweetness ng mga ito.

"Gan'on ba? Kumain ka pa din kahit paano, Ken," tila concerned na sabi nito.

"Oo nga pala, Shanelle, naasikaso ko na 'yong plane tickets natin papuntang Cebu," pagbibigay-impormasyon niya.

"Cebu? Kailan ka pupunta ng Cebu, sweetheart?" tanong ni Bruce kay Shanelle.

Tiningnan siya ng dalaga. "Para kailan ba ang kinuha mong ticket?" tanong nito sa kanya.

"Para sa Friday pa naman," maikling sagot niya.

"Sa Friday na pala ang alis mo papuntang Cebu. Puwede ba akong sumama para makilala ko na din ang daddy mo?" tanong ni Bruce sa nobya.

Gustong tumanggi ni Kenneth pero ano ang karapatan niya? Mas mabuti kung si Bruce na lamang ang sasama sa katipan nito para hindi na siya maistorbo pa.

"Of course, you can go with us, sweetheart. Di ba, Ken?" ani Shanelle na bumaling pa sa kanya.

“Puwede naman talaga. Makakapagbakasyon pa kayo doon,” napipilitang sabi niya.

“Okay, aasikasuhin ko muna bukas ang mga dapat kong asikasuhin, sweetheart. I still have two days to prepare,” saad ni Bruce.

“I’m glad you will come with us. Makikilala mo na rin ang daddy ko at ang kapatid ko doon,” nakangiting tugon ng babae.

“Tapos na kayong kumain?” tanong niya sa dalawa.

Tumango ang mga ito. Umakto si Shanelle na ililigpit ang pinagkainan nila ngunit inawat niya ito. “Ako na lang diyan. Doon na kayo sa sala.”

Tatanggi pa sana ito pero iginiya na niya ito palabas ng kusina. Siya na ang nagligpit, sanay siya sa ganitong gawain. Ilang taon na niyang ginagawa ito mag-isa dahil wala namang mag-aasikaso sa kanya maliban sa sarili niya. Isa pa, wala ang katulong ni Shanelle ngayon. Hindi niya napigilan ang sarili na pasimpleng silipin maya’t maya ang ginagawa ng magnobyo.

He sighed in relief nang magpaalam si Bruce sa kanya na uuwi na ito. Nagpaiwan siya sa patio at tinanaw ang dalawa habang patungo sa gate. But

when Bruce leaned toward his girlfriend to kiss her on the lips, he turned around. He did not want to see the scene. Pinagalitan niya ang sarili sa damdaming biglang naramdaman. Wala siyang karapatang makadama ng pagseselos. Umupo na lamang siya sa garden chair.